

GABAY NG NAG-AAPELA SA PROSESO NG PAG-APELA NG ALCOHOLIC BEVERAGE CONTROL (ABC)

Gaano katagal ako kailangang mag-apela?

Kung nakatanggap ka ng pinal na desisyon mula sa Departamento sa Pagkontrol ng Inuming Alak (Department of Alcoholic Beverage Control), tingnan muna ang desisyon upang makita kung ito ay nagsasabing, "epektibo kaagad."

- Kung ganito nga ang nakasaad - dapat mong ihain ang iyong apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng desisyon;
- Kung hindi - dapat mong ihain ang iyong apela sa loob ng 40 araw.

Siguraduhin na hindi ka lalampas sa deadline! Ang iyong mga dokumento ay ituturing na "na-file" sa araw na natanggap ang mga ito sa pamamagitan ng email, personal na paghahatid, o regular na U.S. Mail. Gayunpaman, kung ipapadala mo ang iyong mga dokumento sa pamamagitan ng rehistradong koreo, ang mga ito ay ituturing na "na-file" sa sandaling sila ay nairehistro sa Post Office.

Ano ang una kong gagawin?

Upang simulan ang proseso ng mga apela, maghain ng **Abiso ng Pag-apela**. Ang dokumentong ito ay nagsasabi sa Lupon para sa mga Apela (Appeals Board), sa pamamagitan ng pagsulat, na inaapela mo ang desisyon ng Departamento. Kung maaari, dapat itong naka-type. Mangyaring isama ang sumusunod na impormasyon:

- Ang iyong pangalan at ang pangalan ng iyong negosyo
- Ang iyong address, numero ng telepono, email address
- Pangalan ng iyong legal na kinatawan (kung mayroon ka) at ang kanilang numero sa State Bar
- Ang petsa ng desisyon na iyong inaapela
- Ang pagpaparehistro at mga numero ng file
- Ang mga batayan para sa iyong apela (kung bakit naniniwala kang mali ang desisyon)
- Anong mga partikular na tanong ang dapat isaalang-alang ng Lupon kapag sinusuri nila ang kaso
- Ang bawat dokumentong inihain sa Lupon ay *dapat* na may kasamang **Katibayan ng Serbisyo**. Sinasabi nito sa lahat ng kasangkot kung sino ang nakakuha ng ano, kung kailan ipinadala ang mga dokumento, at kung naihatid ang mga ito sa pamamagitan ng email, U.S. Mail, o naihatid nang personal.

Ano ang gagawin ko sa mga dokumentong ito?

1) Ipadala ang iyong Abiso ng Pag-apela at Katibayan ng Serbisyo sa Appeals Board:

- sa pamamagitan ng email sa: abcboard@abcappeals.ca.gov
- o sa pamamagitan ng koreo sa: 400 R St., Suite 400, Sacramento, CA 95811

2) Ipadala rin ang iyong Abiso ng Pag-apela at Katibayan ng Serbisyo sa:

Department of Alcoholic Beverage Control
3927 Lennane Drive, Suite 100,
Sacramento, CA 95834

Mga Gastos

Walang bayad sa pag-file, ngunit makatanggap ka ng bill mula sa Departamento para sa halaga ng mga eksibit at transcript ng pagdinig. Magkakaroon ka ng 15 araw para bayaran ang halaga ng rekord sa Departamento. Kung ang bayad ay hindi natanggap bago ang takdang petsa, ang apela ay idi-dismiss. Kung gusto mong makatanggap ng sarili mong kopya ng rekord, dapat mong partikular na hilingin ito, at malalapad ang mga karagdagang gastos.

Mga Susunod na Hakbang

Kapag ang transcript at mga eksibit ay naihatid na ng Departamento sa iyo at sa Lupon, padadalhan ka namin ng sulat na nagsasabi sa iyo ng petsa ng iyong pagdinig at binabalangkas ang mga takdang petsa para sa paghahain ng mga maikling pahayag (brief) at paghiling ng oral argument. Magtatalaga kami sa iyo ng numero ng kaso (AB-XXXX). Mangyaring ilagay ang numerong ito sa lahat ng dokumentong inihain sa Lupon.

Elektronikong Serbisyo

Kung gusto mong makatanggap ng mga dokumento tungkol sa bagay na ito sa pamamagitan ng email, maaari kang mag-opt in sa elektronikong serbisyo. Sabihin lang sa isang nilagdaang liham na pumapayag ka sa elektronikong serbisyo sa isang tinukoy na email address. Ipadala sa lahat ng partido at sa Lupon.

Panimulang Maikling Pahayag (Opening Brief)

Mag-file ng panimulang maikling pahayag (hindi hihigit sa 20 pahina) sa petsang tinukoy sa sulat tungkol sa briefing. Tiyaking maglakip ng Katibayan ng Serbisyo. Ipadala o i-email ang maikling pahayag at patunay ng serbisyo sa: Lupon, Departamento, at anumang iba pang partido.

Ang iyong opening brief ay isang pagkakataon na ipaliwanag nang detalyado sa Lupon kung bakit naniniwala kang mali ang desisyon ng Departamento. Kung tinutukoy mo ang testimonya mula sa pagdinig sa harap ng Departamento, banggitin ang (mga) pahina sa nakasulat na transcript kung saan makikita ang testimonyang iyon. Huwag mo lang sabihin na sa tingin mo ay mali ang Departamento at tama ka. Ipaliwanag sa Lupon kung *bakit* naniniwala kang mali ang desisyon, at bakit naniniwala kang dapat baligtarin ang desisyon o ibalik sa Departamento para sa mga karagdagang pagdinig.

Hindi maaaring dinggin ng Lupon ang anumang bagong ebidensya, kaya huwag magsama ng mga eksibit o iba pang bagong ebidensya sa iyong brief na hindi bahagi ng rekord.

Iba pang mga Maikling Pahayag (Brief)

Ang Departamento ay maghahain ng Maikling Pahayag ng Tugon (Reply Brief) 20 araw pagkatapos mong ihain ang iyong Opening Brief. Pagkatapos, maaari kang maghain ng Pangwakas na Maikling Pahayag (Closing Brief) (nang hindi hihigit sa 10 pahina) na dapat isumite pagkalipas ng 7 araw. Ang closing brief na ito ay hindi kinakailangan, ngunit maaari mong sagutin ang anumang mga puntong isinaad sa Reply Brief ng Departamento.

Oral Argument

Ipaalam sa Lupon sa pamamagitan ng email (abcboard@abcappeals.ca.gov) kung plano mong humarap para sa oral argument nang hindi bababa sa 21 araw bago ang nakatakdang pulong ng Lupon. Isang tao lang ang maaaring lumitaw sa ngalan mo – ikaw man o ang iyong kinatawan.

Ang oral argument ay ang iyong pagkakataon na ipaliwanag sa Lupon ang anumang bagay na maaaring hindi malinaw sa kanila sa iyong mga brief. Huwag ulitin ang sinabi mo sa iyong maikling pahayag o brief – maingat na nabasa na iyon ng Lupon. Hindi maaaring dinggin ng Lupon ang mga saksi o isalang-alang ang anumang ebidensyang hindi kasama sa record. I-highlight lamang ang mahahalagang punto at sagutin ang anumang mga tanong na maaaring mayroon sila.

Magkakaroon ka ng kabuuang 15 minuto para sa oral argument. Maaaring naisin mong ilaan ang bahagi ng oras na ito upang magsalita pagkatapos ilahad ng kinatawan ng Departamento ang kanilang 15 minutong argumento. Ang magiging pagkakasunod-sunod ay: magsisimula ka, pagkatapos ay sasagot ang Departamento, pagkatapos nasa iyo ang huling salita.

Pinal na Kautusan

Ang Lupon ay gagawa ng desisyon sa iyong kaso sa panahon ng saradong sesyon kasunod ng oral argument. Pagkatapos nito, ilalabas ang kanilang pinal na Kautusan, at makakatanggap ka ng isang kopya.

Karagdagang Apela

Kung hindi ka nasisiyahan sa pinal na desisyon ng Board, maaari mong iapela ang iyong kaso sa Court of Appeal o Supreme Court ng California kung gagawin mo ito sa loob ng 30 araw mula ng matanggap ang Kautusan ng Lupon.

Paano kung kailangan ko ng tulong?

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring tawagan ang kawani ng Lupon sa 916-445-4005 o magpadala sa amin ng email sa abcboard@abcappeals.ca.gov. Hindi kami makapagbibigay ng legal na payo, ngunit masasagot namin ang anumang mga katanungan na maaaring mayroon ka tungkol sa mga kinakailangang dokumento at mga pamamaraan ng paghahain.